ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

DIGITAL POSTER: KAALAMAN AT KASANAYAN SA WASTONG PAGGAMIT NG BANTAS SA PAGSULAT NG TEKSTONG FILIPINO

Karren Castro Austria
Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito na pinamagatang "Digital Poster: Kaalaman at Kasanayan sa Wastong Paggamit ng Bantas sa Pagsulat ng Tekstong Filipino" ay naglalayong suriin ang antas ng paggamit ng digital poster, ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong Filipino, at ang epekto nito sa kanilang kaalaman at kasanayan sa wastong paggamit ng bantas. Layunin din nitong matukoy ang antas ng digital poster batay sa mga bahagi ng aralin tulad ng layunin, nilalaman, gawain, at pagtataya; masuri ang paggamit nito batay sa kaangkupan, aksesibilidad, teknikal na aspeto, at disenyo; at masuri ang kasanayan ng mga mag-aaral sa mekanismo, estilo, kaisahan, at tema ng pagsulat. Sinuri rin ang kanilang kasanayan batay sa aktwal na pagsusulit at tinukoy kung may makabuluhang epekto ang digital poster sa kanilang pagkatuto.

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Kabilang sa mga estadistikal na ginamit ang frequency, mean, at standard deviation upang mailarawan ang datos, gayundin ang Pearson Product–Moment Correlation at Analysis of Variance (ANOVA) upang matukoy ang ugnayan at pagkakaiba ng mga baryabol. Ang mga datos ay nakalap mula sa walumpu't pitong (87) piling mag-aaral.

Ipinakita ng mga resulta na lubhang mabisa ang digital poster sa iba't ibang bahagi ng aralin, na nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman, pagpapahusay ng kasanayan sa pagbantas, at pagpapalalim ng pag-unawa sa estruktura ng tekstong Filipino. Mataas din ang antas ng paggamit nito batay sa mga katangian, na nagpapakitang ito ay angkop, madaling ma-access, maayos ang teknikal na aspeto, at kaakit-akit ang disenyo. Ipinakita rin na mataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas, organisasyon ng ideya, kaisahan, at pagbuo ng malinaw na tema, na napatunayan sa kanilang aktwal na pagsusulit. Natuklasan din na may makabuluhang epekto ang digital poster sa kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas.

Sa isinagawang pagsusuri, may makabuluhang epekto ang digital poster sa kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas kung kaya't ang haypoteses ay hindi tinatanggap, sapagkat napatunayan sa resulta na may positibo at makabuluhang impluwensya ang paggamit nito sa pagpapahusay ng kanilang pag-unawa at kasanayan sa pagsulat.

Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang patuloy na paggamit ng digital poster sa pagtuturo, pagsasagawa ng mga seminar o pagsasanay para sa mga guro, integrasyon nito sa iba pang kagamitang pampagkatuto, at pagpapalawak ng saklaw ng susunod na mga pag-aaral upang higit na masuri ang epekto nito sa iba pang aspekto ng pagsulat ng tekstong Filipino.

***SUSING SALITA*:** *Digital Poster, Bantas, Pagsulat, Kasanayan, Tekstong Filipino*

1. PANIMULA

Ang bantas ay bahagi ng gramatika, na siyang naglalatag ng mga alituntunin sa maayos na konstruksyon ng wika. Kapag ito ay naisasagawa nang tama, nagiging mas epektibo ang pagpapahayag, lalo na sa larangang akademiko at sa pang-araw-araw na komunikasyon. Kaya't nararapat na bigyang-tuon ang pagtuturo nito gamit ang mga makabagong pamamaraan na nakaaakit ng atensyon ng mag-aaral.

Isa sa mga kinakaharap na suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng wika ay ang kakulangan ng kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas. Kadalasan, ang aspektong ito ng pagsulat ay hindi nabibigyang-pansin, kaya't nagiging hadlang ito sa pagiging malinaw at lohikal ng kanilang mga sulatin. Ang tamang gamit ng bantas ay mahalaga sa maayos na pag-unawa sa nilalaman ng isang teksto. Gayunpaman, ito ay madalas na naisasantabi ng mga mag-aaral, marahil ay dahil mas pinagtutuunan nila ng pansin ang iba pang bahagi ng wika o sulatin.Ayon kay Recelis (2020), ang pagtuturo ay isang malaking hamon para sa mga guro dahil dito nakasalalay ang kinabukasan ng kanilang mga mag-aaral. Sa pagharap sa hamong ito, mahalagang makabuo ng mga estratehiya at materyales na makatutugon sa interes, pangangailangan, at kakayahan ng mga mag-aaral. Sa makabagong panahon, ang guro ay hindi na lamang tagapagturo kundi gabay sa pagkatuto ng mag-aaral na ngayon ay binibigyang kalayaan na tuklasin ang bagong kaalaman sa tulong ng mga interaktibong kagamitang pampagtuturo.

Sa pananaliksik nina Yakovleva at Yakovlev (2014), binigyang-diin na ang modernong edukasyon ay nararapat na nakatuon sa pagpapalakas ng kakayahan ng mag-aaral na matuto sa pamamagitan ng sariling karanasan, pagpili, at eksperimento. Sa ganitong paraan, mas nagiging makabuluhan ang pagkatuto dahil tumutugma ito sa aktwal nilang kakayahan at hilig.

Dahil dito, napakahalaga na ang estratehiyang gagamitin sa pagtuturo ng bantas ay makabago, kawili-wili, at tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Isa ito sa mga dahilan kung bakit pinili ng mananaliksik na bumuo ng isang Interaktib Poster bilang alternatibong kagamitang panturo. Sa pamamagitan ng Interaktib Poster: Kaalaman at Kasanayan sa Wastong Paggamit ng Bantas sa Pagsulat ng Tekstong Filipino, inaasahang magkakaroon ng mas mataas na interes at partisipasyon ang mga mag-aaral sa pagkatuto ng tamang gamit ng bantas. Layunin nitong mapaunlad ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

kasanayan sa pagsulat ng tekstong Filipino sa mas malinaw, wasto, at epektibong paraan.

1.1 Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang Paggamit Ng Digital Poster Sa Kaalaman At Kasanayan Sa Wastong Paggamit Ng Bantas Sa Pagsulat Ng Tekstong Filipino. Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na alamin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng Paggamit ng Digital Poster batay sa Bahagi:
   - 1.1 Layunin;
   - 1.2 Nilalaman;
   - 1.3 Gawain at;
   - 1.4 Pagtataya?
2. Ano ang antas ng paggamit ng digital poster batay sa Katangian:
   - 2.1 Kaangkupan;
   - 2.2 Aksessabiliti'
   - 2.3 Teknikal na aspeto at;
   - 2.4 Disenyo?
3. Ano ang antas ng Kaalaman sa Wastong Paggamit ng Bantas sa Pagsulat ng Tekstong Filipino batay sa:
   - 3.1 Mekanismo sa Pagsulat
   - 3.2 Estilo ng Pagsulat
   - 3.3 Kaisahan at;
   - 3.4 Tema?
4. Ano ang antas ng kasanayan sa Pagsulat ng Tekstong Filipino ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit?
5. Mayroon bang makabuluhang ugnayan ang Digital Poster sa Kaalaman sa Wastong Paggamit ng Bantas sa Pagsulat ng Tekstong Filipino?
6. Mayroon bang makabuluhang epekto ang Digital Poster sa Kasanayan sa Wastong Paggamit ng Bantas sa Tekstong Filipino?

2. METODOLOHIYA

Ang disenyo ng pananaliksik na ginamit ay deskriptibo at korelasyon kwantitatibong pamamaraan upang malaman ang Kabisaan ng Paggamit Ng Digital Poster Sa Kaalaman At Kasanayan Sa Wastong Paggamit Ng Bantas Sa Pagsulat Ng Tekstong Filipino. Sinasaklaw nito ang kasalukuyang ginagawa, pamantayan, kalagayan upang maayos na maisagawa ang pananaliksik at makuha ang tumpak na impormasyon at datos

Ang deskriptib at korelasyon na pananaliksik ayon kay Maranan (2016), ay isang disenyong pangangalap ng impormasyon hinggil sa mga salik na kaugnay ng paksa ng pananaliksik. Ito ay ginamit upang maipakita ang matibay na konklusyon sa hinuha sa pamamagitan ng ebidensya at pagpapatunay sa mga nakalap na impormasyon.

3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng paglalahad, pagsusuri, at pagbibigay-interpretasyon sa mga nakalap na datos mula sa mga respondente ng pag-aaral. Inilalahad dito ang mga resulta batay sa mga suliraning inilahad sa unang kabanata at ginamitan ng angkop na estadistikal na pamamaraan upang maging sistematiko, malinaw, at obhetibo ang presentasyon ng mga natuklasan.

Ang mga datos ay inayos sa pamamagitan ng mga talahanayan at sinuri gamit ang mga estadistikal na panukat tulad ng mean, standard deviation, at iba pang kaugnay na pagsusuri depende sa disenyo ng pag-aaral. Ang bawat talahanayan ay sinundan ng masusing pagpapaliwanag at interpretasyon upang maunawaan ang kahulugan ng mga numerikal na resulta at ang kanilang implikasyon sa kabuuan ng pananaliksik.

Layunin ng kabanatang ito na maipakita ang aktuwal na kalagayan ng mga baryabol na sinuri, matukoy ang antas o ugnayan ng mga ito, at maipaliwanag kung paano sinasagot ng mga nakalap na datos ang mga tiyak na katanungan ng pag-aaral. Ang masusing pagsusuri sa mga resulta ay nagsisilbing batayan sa pagbubuo ng kongklusyon at rekomendasyon na tatalakayin sa susunod na kabanata.

Antas ng Digital Poster sa Wastong Paggamit ng Bantas sa Pagsulat ng Tekstong Filipino batay sa Bahagi

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng Digital Poster sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino batay sa bahagi ay tumutukoy sa iba't ibang bahagi ng bantas tulad ng paggamit ng kuwit, tuldok, tandang pananong, tandang padamdam, panipi, gitling, at iba pang kaugnay na bantas na mahalaga sa malinaw at wastong pagpapahayag sa pagsulat.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga pahayag, mean, standard deviation, mga puna, at berbal na interpretasyon batay sa pananaw ng mga respondente upang matukoy ang antas ng pagiging mabisa ng Digital Poster bilang kagamitang panturo sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas sa tekstong Filipino

Talahanayan 1.

Antas ng Digital Poster sa Wastong Paggamit ng Bantas sa Pagsulat ng Tekstong Filipino batay sa Bahagi ayon sa Layunin

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nililinang ng digital poster ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas.	4.82	0.39	Lubos na sumasang-ayon
Nakahanay ang layunin ng poster sa mga tiyak na layunin ng aralin sa pagsusulat ng tekstong Filipino.	4.92	0.27	Lubos na sumasang-ayon
Nilalayon ng digital poster na mapataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbantas..	4.85	0.36	Lubos na sumasang-ayon
Malinaw na naipapahayag sa digital poster ang mga inaasahang matutuhan nang mag-aaral.	4.79	0.41	Lubos na sumasang-ayon
Nakatuon ang mga layunin ng poster sa pagpapaaktibo ng kaalaman, kasanayan, at pag-unawa sa aktwal na pagsulat.	4.74	0.44	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.82 0.35 Lubhang Mabisa		

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng digital poster sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino batay sa bahagi ayon sa Layunin. Ipinapakita rin nito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna ng mga tagatugon.

Nakahanay ang layunin ng poster sa mga tiyak na layunin ng aralin sa pagsusulat ng tekstong Filipino na may (M = 4.92) at nagpapakita ng lubos na sumasang-ayon na antas ng pagtataya sa digital poster sa mga tuntunin ng Layunin at sinusuportahan ng (SD = 0.27). Ipinahihiwatig nito na malinaw ang pagkakaugnay ng digital poster sa kompetensiyang dapat malinang sa mga mag-aaral. Gayundin, nililinang ng digital poster ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas na may (M = 4.82) at (SD = 0.39) na may puna na lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita rin na nilalayon ng digital poster na mapataas ang antas ng kasanayan sa pagbantas (M = 4.85, SD = 0.36) at malinaw na naipapahayag ang mga inaasahang matutuhan ng mga mag-aaral (M = 4.79, SD = 0.41), na kapwa may interpretasyong lubos na sumasang-ayon.

Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na nakatuon ang mga layunin ng poster sa pagpapaaktibo ng kaalaman, kasanayan, at pag-unawa sa aktwal na pagsulat (M = 4.74) na may (SD = 0.44), ipinapakita pa rin nito na mataas ang antas ng pagtanggap at pagkilala ng mga mag-aaral sa bisa ng digital poster bilang kagamitang panturo. Ang antas ng digital poster sa wastong paggamit ng bantas ayon sa Layunin ay nakamit ang weighted mean score na 4.82 at standard deviation na 0.35 at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ipinapakita na ang paggamit ng digital poster bilang Digitalong kagamitang panturo sa Filipino ay epektibo sa pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas. Nakakatulong ito sa malinaw na pag-unawa sa mga layunin ng aralin at sa aktwal na aplikasyon ng mga tuntunin sa pagsulat. Ipinapakita rin nito na ang digital poster ay nagbibigay ng konkretong gabay na sumusuporta sa mas organisado, makabuluhan, at aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsulat.

Talahanayan 2.

Antas ng Digital Poster sa Wastong Paggamit ng Bantas sa Pagsulat ng tekstong Filipino batay sa Bahagi ayon sa Nilalaman

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Naglalaman ang Digitalong poster ng sapat na impormasyon tungkol sa iba't ibang uri at gamit ng bantas.	4.83	0.38	Lubos na sumasang-ayon
Napapanahon at tumpak ang mga halimbawa sa poster na nagpapakita ng tamang paggamit ng bantas.	4.83	0.38	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang mga konseptong nakapaloob sa digital poster upang madali itong maunawaan ng mga mag-aaral.	4.84	0.37	Lubos na sumasang-ayon
Nakaangkla ang mga nilalaman ng poster sa kurikulum at sa layuning pangwika ng asignaturang Filipino.	4.82	0.39	Lubos na sumasang-ayon
Nakaayos ang mga impormasyon sa poster batay sa antas ng hirap o pagkakaugnay ng bawat paksa..	4.83	0.38	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.83 0.35 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng digital poster sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino batay sa bahagi ayon sa Nilalaman. Ipinapakita rin nito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna ng mga tagatugon. Nakatutulong ang mga konseptong nakapaloob sa digital poster upang madali itong maunawaan ng mga mag-aaral na may (M = 4.84) at nagpapakita ng lubos na sumasang-ayon na antas ng pagtataya sa digital poster sa mga tuntunin ng Nilalaman at sinusuportahan ng (SD = 0.37). Ipinahihiwatig nito na malinaw at organisado ang paglalahad ng mga konsepto hinggil sa wastong paggamit ng bantas.

Gayundin, naglalaman ang Digitalong poster ng sapat na impormasyon tungkol sa iba't ibang uri at gamit ng bantas (M = 4.83, SD = 0.38) at napapanahon at tumpak ang mga halimbawa sa poster na nagpapakita ng tamang paggamit ng bantas (M = 4.83, SD = 0.38), na kapwa may punang lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita rin na nakaayos ang mga impormasyon sa poster batay sa antas ng hirap o pagkakaugnay ng bawat paksa (M = 4.83, SD = 0.38), at nakaangkla ang mga nilalaman nito sa kurikulum at layuning pangwika ng asignaturang Filipino (M = 4.82, SD = 0.39), na parehong may interpretasyong lubos na sumasang-ayon.

Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na nakaangkla ang mga nilalaman ng poster sa kurikulum (M = 4.82), nananatili pa rin itong nasa mataas na antas ng pagsang-ayon, na nagpapakita ng matibay na pagkakaugnay ng nilalaman sa itinakdang pamantayan ng asignatura.

Ang antas ng digital poster sa wastong paggamit ng bantas ayon sa Nilalaman ay nakamit ang weighted mean score na 4.83 at standard deviation na 0.35 at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ipinapakita na ang nilalaman ng digital poster ay komprehensibo, organisado, at nakaayon sa kurikulum, kaya't epektibo itong nagsisilbing gabay sa paglinang ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 3.

Antas ng Digital Poster sa Wastong Paggamit ng Bantas sa Pagsulat ng tekstong Filipino batay sa Bahagi ayon sa Gawain

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nakatutulong ang mga gawaing ibinigay upang maunawaan ang paksa.	4.90	0.31	Lubos na sumasang-ayon
Nagagamit ang mga natutunang kaalaman sa mga praktikal na gawain.	4.85	0.36	Lubos na sumasang-ayon
Nahahamon ng mga gawain ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.	4.84	0.37	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapakita ang mga gawain ng pagiging malikhain sa paglutas ng problema.	4.86	0.35	Lubos na sumasang-ayon
Nakikita ang kaugnayan ng mga gawain sa totoong buhay.	4.86	0.35	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.86 0.32 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng digital poster sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino batay sa bahagi ayon sa Gawain. Ipinapakita rin nito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna ng mga tagatugon. Nakatutulong ang mga gawaing ibinigay upang maunawaan ang paksa na may (M = 4.90) at nagpapakita ng lubos na sumasang-ayon na antas ng pagtataya sa digital poster sa mga tuntunin ng Gawain at sinusuportahan ng (SD = 0.31). Ipinahihiwatig nito na ang mga inihandang aktibidad ay malinaw, makabuluhan, at epektibong nakatutulong sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas. Gayundin, nagpapakita ang mga gawain ng pagiging malikhain sa paglutas ng problema (M = 4.86, SD = 0.35) at nakikita ang kaugnayan ng mga gawain sa totoong buhay (M = 4.86, SD = 0.35), na kapwa may punang lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita rin na nagagamit ang mga natutunang kaalaman sa mga praktikal na gawain (M = 4.85, SD = 0.36) at nahahamon ng mga gawain ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral (M = 4.84, SD = 0.37), na parehong nasa mataas na antas ng pagsang-ayon.

Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na nahahamon ang kritikal na pag-iisip (M = 4.84), nananatili pa rin itong may interpretasyong lubos na sumasang-ayon, na nagpapakita na epektibong napauunlad ng mga gawain ang mas mataas na antas ng pag-iisip ng mga mag-aaral. Ang antas ng digital poster sa wastong paggamit ng bantas ayon sa Gawain ay nakamit ang weighted mean score na 4.86 at standard deviation na 0.32 at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ipinapakita na ang mga gawaing nakapaloob sa digital poster ay makabuluhan, mapanghamon, at may kaugnayan sa tunay na sitwasyon sa buhay. Nakatutulong ang mga ito sa paglinang ng pag-unawa, kritikal na pag-iisip, at aplikasyon ng kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino.

Talahanayan 4.

Antas ng Digital Poster sa Wastong Paggamit ng Bantas sa Pagsulat ng tekstong Filipino batay sa Bahagi ayon sa Pagtataya

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nasasalamin ng pagtataya ang tunay na natutunan ng mga mag-aaral.	4.85	0.36	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay ng tamang feedback ang pagtataya para sa pagpapaunlad.	4.90	0.31	Lubos na sumasang-ayon
Nasusukat ng pagtataya sa mga kaalaman at kasanayan.	4.90	0.31	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang mga resulta ng pagtataya upang malaman ang mga kahinaan at kalakasan.	4.90	0.31	Lubos na sumasang-ayon
Ginagamit ang pagtataya bilang batayan sa pagpapabuti ng pagtuturo at materyal.	4.84	0.37	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.88 0.31 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng digital poster sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino batay sa bahagi ayon sa Pagtataya. Ipinapakita rin nito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna ng mga tagatugon. Nasasalamin ng pagtataya ang tunay na natutunan ng mga mag-aaral na may (M = 4.85) at nagpapakita ng lubos na sumasang-ayon na antas ng pagtataya sa digital poster sa mga tuntunin ng Pagtataya at sinusuportahan ng (SD = 0.36). Ipinahihiwatig nito na ang inihandang pagtataya ay epektibong sumusukat sa kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas.

Gayundin, nagbibigay ng tamang feedback ang pagtataya para sa pagpapaunlad (M = 4.90, SD = 0.31) at nasusukat ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral (M = 4.90, SD = 0.31), na parehong may punang lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita rin na nakatutulong ang resulta ng pagtataya upang malaman ang kahinaan at kalakasan ng mga mag-aaral (M = 4.90, SD = 0.31) at ginagamit ito bilang batayan sa pagpapabuti ng pagtuturo at materyal (M = 4.84, SD = 0.37), na kapwa may interpretasyong lubos na sumasang-ayon.

Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na ginagamit ang pagtataya bilang batayan sa pagpapabuti ng pagtuturo at materyal (M = 4.84), nananatili pa rin itong mataas ang antas ng pagsang-ayon, na nagpapakita ng kahalagahan ng pagtataya sa aktibong pagkatuto at pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang antas ng digital poster sa wastong paggamit ng bantas ayon sa Pagtataya ay nakamit ang weighted mean score na 4.88 at standard deviation na 0.31 at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ipinapakita na ang mga inihandang pagtataya sa digital poster ay epektibo sa pagsukat at pag-unlad ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas. Nakatutulong ang mga ito sa pagbibigay ng tamang feedback, pagtukoy sa kahinaan at kalakasan, at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

paghubog ng mas maayos at makabuluhang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa pagsulat ng tekstong Filipino.

Antas ng Paggamit ng Digital Poster Batay sa Katangian

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng paggamit ng Digital Poster batay sa katangian ay tumutukoy sa kalidad at disenyo ng poster, kabilang ang kalinawan ng presentasyon, kaakit-akit na disenyo, kaayusan ng impormasyon, at kawastuhan ng nilalaman. Layunin nitong matukoy kung gaano kaepektibo at kaangkop ang mga katangiang ito sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga pahayag, mean, standard deviation, mga puna, at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga respondente. Ang bawat aspeto ng katangian ay sinuri upang matukoy ang antas ng paggamit at ang implikasyon nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 5.

Antas ng paggamit ng digital poster batay sa Katangian ayon sa Kaangkupan

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Naitutugma ang mga materyales sa pagtuturo sa antas ng mga mag-aaral.	4.87	0.33	Lubos na sumasang-ayon
Naiaangkop ang mga ginamit na salita at konsepto sa konteksto ng kultura ng mga mag-aaral.	4.90	0.31	Lubos na sumasang-ayon
Tinutugunan ang mga gawain sa pangangailangan ng iba't ibang mag-aaral.	4.83	0.38	Lubos na sumasang-ayon
Naiuugnay ang nilalaman sa mga layunin at learning outcomes ng kurikulum.	4.86	0.35	Lubos na sumasang-ayon
Nagagamit ang mga angkop na estratehiya upang matugunan ang iba't ibang learning style ng mga mag-aaral.	4.86	0.35	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.86 0.32 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng digital poster batay sa Katangian ayon sa Kaangkupan. Ipinapakita rin nito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna ng mga tagatugon. Naitutugma ang mga materyales sa pagtuturo sa antas ng mga mag-aaral na may (M = 4.87) at nagpapakita ng lubos na sumasang-ayon na antas ng pagtataya sa digital poster sa mga tuntunin ng Kaangkupan at sinusuportahan ng (SD = 0.33). Ipinahihiwatig nito na ang nilalaman at estratehiya ng digital poster ay naaayon sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Gayundin, naiaangkop ang mga ginamit na salita at konsepto sa konteksto ng kultura ng mga mag-aaral (M = 4.90, SD = 0.31) at tinutugunan ang mga gawain sa pangangailangan ng iba't ibang mag-aaral (M = 4.83, SD = 0.38), na parehong may punang lubos na sumasang-ayon.

Ipinapakita rin na naiuugnay ang nilalaman sa mga layunin at learning outcomes ng kurikulum (M = 4.86, SD = 0.35) at nagagamit ang mga angkop na estratehiya upang matugunan ang iba't ibang learning style ng mga mag-aaral (M = 4.86, SD = 0.35), na parehong may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ang antas ng paggamit ng digital poster batay sa Kaangkupan ay nakamit ang weighted mean na 4.86 at standard deviation na 0.32, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ipinapakita na ang digital poster ay kaakma sa antas, kultura, at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Nakatutulong ito sa maayos na pag-unawa at aplikasyon ng mga konsepto sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino, habang isinasaalang-alang ang iba't ibang estilo at kakayahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 6.

Antas ng Paggamit ng Digital Poster batay sa Katangian ayon sa Aksessabiliti'

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Natatagpuan at nagagamit ang mga materyales sa pagtuturo.	4.95	0.21	Lubos na sumasang-ayon
Naiaayon ang mga materyales sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral.	4.91	0.29	Lubos na sumasang-ayon
Nakikita at mababasa ang mga nilalaman ng poster nang malinaw at walang hirap.	4.93	0.25	Lubos na sumasang-ayon
Napapabilis ma-access ang mga gawaing ibinigay para sa mga mag-aaral.	4.91	0.29	Lubos na sumasang-ayon
Naaabot ng lahat ng mag-aaral ang mga impormasyon sa kabila ng kanilang kalagayan o kakayahan.	4.85	0.36	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.91 0.26 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng digital poster batay sa Katangian ayon sa Aksessabiliti. Ipinapakita rin nito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna ng mga tagatugon. Natatagpuan at nagagamit ang mga materyales sa pagtuturo na may (M = 4.95) at nagpapakita ng lubos na sumasang-ayon na antas ng pagtataya sa digital poster sa mga tuntunin ng Aksessabiliti at sinusuportahan ng (SD = 0.21). Ipinahihiwatig nito na madaling mahanap at magamit ang mga materyales ng digital poster, kaya nakatutulong sa mas maayos at tuloy-tuloy na proseso ng pagkatuto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Gayundin, nakikita at mababasa ang mga nilalaman ng poster nang malinaw at walang hirap (M = 4.93, SD = 0.25) at naiaayon ang mga materyales sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral (M = 4.91, SD = 0.29), na parehong may punang lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita rin na napapabilis ang pag-access sa mga gawaing ibinigay para sa mga mag-aaral (M = 4.91, SD = 0.29) at naaabot ng lahat ng mag-aaral ang mga impormasyon sa kabila ng kanilang kalagayan o kakayahan (M = 4.85, SD = 0.36), na parehong may interpretasyong lubos na sumasang-ayon.

Ang antas ng paggamit ng digital poster batay sa Aksessabiliti ay nakamit ang weighted mean na 4.91 at standard deviation na 0.26, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ipinapakita na ang digital poster ay madaling ma-access, malinaw basahin, at naaangkop sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Nakatutulong ito sa mas aktibo, organisado, at makabuluhang pagkatuto ng wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino, habang isinasaalang-alang ang kakayahan at kalagayan ng bawat mag-aaral.

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng digital poster batay sa Katangian ayon sa Teknikal na Aspeto. Ipinapakita rin nito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna ng mga tagatugon. Naiaakma at madaling sundan ang mga elemento ng disenyo gaya ng sukat ng font, spacing, at layout na may (M = 4.92) at nagpapakita ng lubos na sumasang-ayon na antas ng pagtataya sa digital poster sa mga tuntunin ng Teknikal na Aspeto at sinusuportahan ng (SD = 0.27).

Talahanayan 7.

Antas ng Paggamit ng Digital Poster Batay sa Katangian ayon sa Teknikal na Aspeto

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Naipapaliwanag at madaling basahin ang mga teksto sa digital poster.	4.89	0.32	Lubos na sumasang-ayon
Naiaakma at madaling sundan ang mga elemento ng disenyo gaya ng sukat ng font, spacing, at layout.	4.92	0.27	Lubos na sumasang-ayon
Naiaayos ang gramatika at baybay sa lahat ng bahagi ng digital poster.	4.92	0.27	Lubos na sumasang-ayon
Pinapataas ang kalidad ng mga ginamit na larawan, icon, at iba pang visual aids.	4.84	0.37	Lubos na sumasang-ayon
Naipapakita ang digital poster sa pisikal o digital na anyo nang walang teknikal na sagabal.	4.80	0.40	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.87 0.31 Lubhang Mabisa		

Gayundin, naiaayos ang gramatika at baybay sa lahat ng bahagi ng digital poster (M = 4.92, SD = 0.27), na kapwa may punang lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na maingat ang pagkakabuo ng poster mula sa disenyo hanggang sa wastong paggamit ng wika.

Ipinapakita rin na naipapaliwanag at madaling basahin ang mga teksto sa digital poster (M = 4.89, SD = 0.32) at pinapataas ang kalidad ng mga ginamit na larawan, icon, at iba pang visual aids (M = 4.84, SD = 0.37), na parehong may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Samantala, bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na naipapakita ang digital poster sa pisikal o digital na anyo nang walang teknikal na sagabal (M = 4.80, SD = 0.40), nananatili pa rin itong nasa mataas na antas ng pagsang-ayon.

Ang antas ng paggamit ng digital poster batay sa Teknikal na Aspeto ay nakamit ang weighted mean na 4.87 at standard deviation na 0.31, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ipinapakita na ang digital poster ay teknikal na maayos, malinaw, at organisado ang disenyo at nilalaman. Nakatutulong ang mga elementong teknikal tulad ng layout, font, gramatika, at visual aids sa pagpapataas ng kalidad ng presentasyon at sa mas epektibong paglinang ng kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino.

Talahanayan 8.

Antas ng Paggamit ng Digital Posterr batay sa Katangian ayon sa Disenyo

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Napapansin ang kabuuang disenyo ng digital poster sa paningin ng mga mag-aaral..	4.92	0.27	Lubos na sumasang-ayon
Gumamit ang poster ng tamang kumbinasyon ng kulay, layout, at larawan upang hikayatin ang interes ng mambabasa.	4.93	0.25	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang disenyo ng Digitalong poster sa pag-unawa ng nilalaman at hindi lamang palamuti.	4.97	0.18	Lubos na sumasang-ayon
Naihahati nang malinaw ang bawat seksyon ng poster upang mapadali ang organisasyon ng kaalaman.	4.93	0.25	Lubos na sumasang-ayon
Naitutugma ang disenyo ng Digital poster sa edad, antas, at kagustuhan ng mga mag-aaral	4.83	0.38	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.91 0.26 Lubhang Mabisa		

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng digital poster batay sa Katangian ayon sa Disenyo. Ipinapakita rin nito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna ng mga tagatugon. Nakatutulong ang disenyo ng Digitalong poster sa pag-unawa ng nilalaman at hindi lamang palamuti na may (M = 4.97) at nagpapakita ng lubos na sumasang-ayon na antas ng pagtataya sa digital poster sa mga tuntunin ng Disenyo at sinusuportahan ng (SD = 0.18). Ipinahihiwatig nito na ang disenyo ng poster ay may malinaw na layuning pedagogikal at nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Gayundin, gumamit ang poster ng tamang kumbinasyon ng kulay, layout, at larawan upang hikayatin ang interes ng mambabasa (M = 4.93, SD = 0.25) at naihahati nang malinaw ang bawat seksyon ng poster upang mapadali ang organisasyon ng kaalaman (M = 4.93, SD = 0.25), na parehong may punang lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita rin na napapansin ang kabuuang disenyo ng digital poster sa paningin ng mga mag-aaral (M = 4.92, SD = 0.27) at naitutugma ang disenyo ng Digitalong poster sa edad, antas, at kagustuhan ng mga mag-aaral (M = 4.83, SD = 0.38), na kapwa may interpretasyong lubos na sumasang-ayon.

Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag hinggil sa pagtutugma ng disenyo sa edad at kagustuhan ng mga mag-aaral (M = 4.83), nananatili pa rin itong nasa mataas na antas ng pagsang-ayon, na nagpapakita ng pagiging angkop at kaaya-aya ng kabuuang disenyo ng digital poster. Ang antas ng paggamit ng digital poster batay sa Disenyo ay nakamit ang weighted mean na 4.91 at standard deviation na 0.26, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon. Sa kabuuan, ipinapakita na ang disenyo ng digital poster ay hindi lamang kaakit-akit sa paningin kundi makabuluhan at nakatutulong sa pag-unawa ng nilalaman. Ang maayos na kombinasyon ng kulay, layout, at organisasyon ng impormasyon ay nag-aambag sa mas epektibo at makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino.

Antas ng Kaalaman sa Pagsulat ng Tekstong Filipino

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng bantas ay tumutukoy sa lawak ng pag-unawa at kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng iba't ibang uri ng bantas tulad ng tuldok, kuwit, tandang pananong, tandang padamdam, panipi, gitling, at iba pa sa pagsulat ng tekstong Filipino. Layunin nitong masukat kung sapat ang kanilang kaalaman sa tamang paglalagay at paggamit ng mga bantas upang makabuo ng malinaw, maayos, at makabuluhang pahayag.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga pahayag, mean, standard deviation, mga puna, at berbal na interpretasyon batay sa tugon ng mga respondente. Sa pamamagitan ng mga datos na ito, natukoy ang kasalukuyang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsulat ng bantas at nagsilbing batayan sa pagsusuri ng pagiging epektibo ng Digital Poster bilang kagamitang panturo.

Talahanayan 9.
Antas ng Kaalaman sa Pagsulat ng Bantas ayon sa Mekanismo sa Pagsulat

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Naipapamalas ng mag-aaral ang tamang paggamit ng bantas upang maging malinaw ang diwa ng kanyang pangungusap.	4.99	0.11	Lubos na sumasang-ayon
Nakasusunod ang mag-aaral sa tamang baybay, gramatika, at estruktura ng pangungusap sa pagsulat ng teksto.	4.97	0.18	Lubos na sumasang-ayon
Naisasaalang-alang ng mag-aaral ang teknikal na aspeto ng pagsulat tulad ng wastong gamit ng tuldok, kuwit, at tandang pananong	4.94	0.23	Lubos na sumasang-ayon
Naipapakita ng mag-aaral ang kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng maayos at organisadong paggamit ng mga mekanismong pangwika.	5.00	0.00	Lubos na sumasang-ayon
Nahuhubog ng Digitalong poster ang kaalaman ng mag-aaral sa mga tuntunin ng mekanismo sa pagsulat ng tekstong Filipino.	5.00	0.00	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.97 0.14 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita ng antas ng kaalaman sa pagsulat ng bantas ayon sa Mekanismo sa Pagsulat. Ipinapakita rin nito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna ng mga tagatugon. Naipapakita ng mag-aaral ang kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng maayos at organisadong paggamit ng mga mekanismong pangwika na may (M = 5.00) at nagpapakita ng lubos na sumasang-ayon na antas ng pagtataya at sinusuportahan ng (SD = 0.00). Gayundin, nahuhubog ng Digitalong poster ang kaalaman ng mag-aaral sa mga tuntunin ng mekanismo sa pagsulat ng tekstong Filipino (M = 5.00, SD = 0.00), na kapwa may punang lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito ang ganap na pagkilala ng mga tagatugon sa malaking ambag ng digital poster sa paglinang ng mekanismong pangwika.

Ipinapakita rin na naipapamalas ng mag-aaral ang tamang paggamit ng bantas upang maging malinaw ang diwa ng pangungusap (M = 4.99, SD = 0.11) at nakasusunod sa tamang baybay, gramatika, at estruktura ng pangungusap sa pagsulat ng teksto (M = 4.97, SD = 0.18), na parehong may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Samantala, bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na naisasaalang-alang ang teknikal na aspeto ng pagsulat tulad ng wastong gamit ng tuldok, kuwit, at tandang pananong (M = 4.94, SD = 0.23), nananatili pa rin itong nasa pinakamataas na antas ng pagsang-ayon.

Ang antas ng kaalaman sa pagsulat ng bantas ayon sa Mekanismo sa Pagsulat ay nakamit ang weighted mean na 4.97

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

at standard deviation na 0.14, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ipinapakita na mataas ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa mekanismo ng pagsulat, partikular sa wastong paggamit ng bantas. Pinatutunayan din ng resulta na ang Digitalong digital poster ay may makabuluhang ambag sa pagpapalalim at pagpapatibay ng kanilang kasanayang pangwika sa pagsulat ng tekstong Filipino.

Talahanayan 10

Antas ng Kaalaman sa Pagsulat ng Bantas ayon sa Estilo ng Pagsulat

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Naipapahayag ng mag-aaral ang sariling paraan ng pagpapahayag gamit ang malikhaing pagpili ng salita at wastong gamit ng bantas.	4.98	0.15	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapakita ang estilo ng pagsulat ng mag-aaral ng kanyang personalidad at damdamin sa pagsulat ng teksto.	4.99	0.11	Lubos na sumasang-ayon
Napalilinaw ng mag-aaral ang kanyang layunin sa pagsulat sa pamamagitan ng angkop na tono at istilo.	4.92	0.27	Lubos na sumasang-ayon
Nagagamit ng mag-aaral ang bantas hindi lamang sa teknikal na paraan kundi bilang bahagi ng pagpapalalim ng kanyang istilo sa pagsulat.	4.97	0.18	Lubos na sumasang-ayon
Nakagagawa ang mag-aaral ng isang makabuluhang teksto na may natatanging istilo ng pagkakasulat bunga ng kanyang pag-unawa sa wastong gamit ng bantas.	5.00	0.00	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.97 0.16 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng antas ng kaalaman sa pagsulat ng bantas ayon sa Estilo ng Pagsulat. Ipinapakita rin nito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna ng mga tagatugon. Nakagagawa ang mag-aaral ng isang makabuluhang teksto na may natatanging istilo ng pagkakasulat bunga ng kanyang pag-unawa sa wastong gamit ng bantas na may (M = 5.00) at nagpapakita ng lubos na sumasang-ayon na antas ng pagtataya at sinusuportahan ng (SD = 0.00). Ipinahihiwatig nito na lubos na kinikilala ng mga tagatugon ang kakayahan ng mga mag-aaral na mailapat ang kaalaman sa bantas upang makalikha ng tekstong may sariling identidad at kalidad.

Gayundin, nagpapakita ang estilo ng pagsulat ng mag-aaral ng kanyang personalidad at damdamin sa pagsulat ng teksto (M = 4.99, SD = 0.11) at naipapahayag ng mag-aaral ang sariling paraan ng pagpapahayag gamit ang malikhaing pagpili ng salita at wastong gamit ng bantas (M = 4.98, SD = 0.15), na parehong may punang lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita rin na nagagamit ng mag-aaral ang bantas hindi lamang sa teknikal na paraan kundi bilang bahagi ng pagpapalalim ng kanyang istilo sa pagsulat (M = 4.97, SD = 0.18) at napalilinaw ang layunin sa pagsulat sa pamamagitan ng angkop na tono at istilo (M = 4.92, SD = 0.27), na kapwa may interpretasyong lubos na sumasang-ayon.

Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag hinggil sa paglilinaw ng layunin sa pamamagitan ng tono at istilo (M = 4.92), nananatili pa rin itong nasa mataas na antas ng pagsang-ayon, na nagpapakita ng matibay na ugnayan ng wastong paggamit ng bantas at epektibong pagpapahayag.

Ang antas ng kaalaman sa pagsulat ng bantas ayon sa Estilo ng Pagsulat ay nakamit ang weighted mean na 4.97 at standard deviation na 0.16, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ipinapakita na mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bantas bilang bahagi ng kanilang personal at malikhaing estilo sa pagsulat. Hindi lamang teknikal na kasanayan ang naipamamalas kundi pati ang mas malalim na pag-unawa sa pagpapahayag ng damdamin, layunin, at personalidad sa pagsulat ng tekstong Filipino.

Talahanayan 11.

Antas ng Kaalaman sa Pagsulat ng Bantas ayon sa Kaisahan

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Naisusulat ng mag-aaral ang kanyang teksto na may malinaw na layunin at iisang diwang sinusundan.	5.00	0.00	Lubos na sumasang-ayon
Naipagdurugtong ng mag-aaral ang mga pangungusap at talata sa lohikal at organisadong paraan.	4.99	0.11	Lubos na sumasang-ayon
Nabibigyang-diin ng mga mag-aaral ang kaisahan ng ideya sa kanyang isinulat sa pamamagitan ng tamang gamit ng bantas.	4.94	0.23	Lubos na sumasang-ayon
Napapanatili ng mag-aaral ang kaisahan ng ideya sa kanyang isinulat sa pamamagitan ng tamang gamit ng bantas.	4.99	0.11	Lubos na sumasang-ayon
Natutututuhan ng mag-aaral ang tulong ng bantas upang magkaroon ng kaisahan ang isang teksto sa paggamit ng Digitalong poster.	5.00	0.00	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.98 0.12 Lubhang Mabisa		

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng antas ng kaalaman sa pagsulat ng bantas ayon sa Kaisahan. Ipinapakita rin nito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna ng mga tagatugon.

Naisusulat ng mag-aaral ang kanyang teksto na may malinaw na layunin at iisang diwang sinusundan na may (M = 5.00) at nagpapakita ng lubos na sumasang-ayon na antas ng pagtataya at sinusuportahan ng (SD = 0.00). Gayundin, natututuhan ng mag-aaral ang tulong ng bantas upang magkaroon ng kaisahan ang isang teksto sa paggamit ng Digitalong poster (M = 5.00, SD = 0.00), na kapwa may punang lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na lubos na kinikilala ng mga tagatugon ang papel ng bantas sa pagpapanatili ng iisang diwa at organisasyon ng teksto.

Ipinapakita rin na napapanatili ng mag-aaral ang kaisahan ng ideya sa kanyang isinulat sa pamamagitan ng tamang gamit ng bantas (M = 4.99, SD = 0.11) at naipagdurugtong ang mga pangungusap at talata sa lohikal at organisadong paraan (M = 4.99, SD = 0.11), na parehong may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Samantala, bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na nabibigyang-diin ang kaisahan ng ideya sa pamamagitan ng tamang gamit ng bantas (M = 4.94, SD = 0.23), nananatili pa rin itong nasa pinakamataas na antas ng pagsang-ayon. Ang antas ng kaalaman sa pagsulat ng bantas ayon sa Kaisahan ay nakamit ang weighted mean na 4.98 at standard deviation na 0.12, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ipinapakita na mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapanatili ng kaisahan ng ideya sa kanilang pagsulat. Malinaw na nakatutulong ang wastong paggamit ng bantas, kasama ang Digitalong digital poster, sa pagbuo ng isang organisado, lohikal, at makabuluhang tekstong Filipino.

Talahanayan 12.
Antas ng Kaalaman sa Pagsulat ng Bantas ayon sa Tema

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Naipapahayag ng mag-aaral ang isang malinaw at tiyak na tema sa kanyang isinulat na teksto.	5.00	0.00	Lubos na sumasang-ayon
Nakatuon ang mga ideyang inilahad ng mag-aaral sa sentral na tema ng kanyang sulatin.	5.00	0.00	Lubos na sumasang-ayon
Naiuugnay ng mag-aaral ang paggamit ng bantas sa epektibong pagpapalawak ng tema.	4.94	0.23	Lubos na sumasang-ayon
Nagkakaroon ng higit na kaalaman ang mag-aaral sa pagpapanatili ng pokus sa tema ng kanyang teksto sa tulong ng Digitalong poster.	4.99	0.11	Lubos na sumasang-ayon
Naipapakita ng mag-aaral ang lalim ng kanyang pag-unawa sa paksa sa pamamagitan ng paglinang ng temang kaugnay ng kanyang layunin sa pagsulat.	5.00	0.00	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.98 0.11 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 12 ay nagpapakita ng antas ng kaalaman sa pagsulat ng bantas ayon sa Tema. Ipinapakita rin nito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna ng mga tagatugon. Naipapahayag ng mag-aaral ang isang malinaw at tiyak na tema sa kanyang isinulat na teksto na may (M = 5.00) at nagpapakita ng lubos na sumasang-ayon na antas ng pagtataya at sinusuportahan ng (SD = 0.00). Gayundin, nakatuon ang mga ideyang inilahad ng mag-aaral sa sentral na tema ng kanyang sulatin (M = 5.00, SD = 0.00) at naipapakita ang lalim ng pag-unawa sa paksa sa pamamagitan ng paglinang ng temang kaugnay ng layunin sa pagsulat (M = 5.00, SD = 0.00), na kapwa may punang lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ganap na naipamamalas ng mga mag-aaral ang malinaw na pokus at lalim ng tema sa kanilang pagsulat.

Ipinapakita rin na nagkakaroon ng higit na kaalaman ang mag-aaral sa pagpapanatili ng pokus sa tema ng kanyang teksto sa tulong ng Digitalong poster (M = 4.99, SD = 0.11) at naiuugnay ang paggamit ng bantas sa epektibong pagpapalawak ng tema (M = 4.94, SD = 0.23), na parehong may interpretasyong lubos na sumasang-ayon.

Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng huling pahayag, nananatili pa rin itong nasa mataas na antas ng pagsang-ayon.Ang antas ng kaalaman sa pagsulat ng bantas ayon sa Tema ay nakamit ang weighted mean na 4.98 at standard deviation na 0.11, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ipinapakita na mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapanatili at pagpapalawak ng tema sa kanilang pagsulat. Malinaw na nakatutulong ang wastong paggamit ng bantas at ang Digitalong digital poster sa pagbuo ng tekstong may malinaw na pokus, lalim ng ideya, at makabuluhang nilalaman sa pagsulat ng tekstong Filipino.

Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Tekstong Filipino ng mga Mag-aaral Batay sa Pagsusulit

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng tekstong Filipino ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit ay tumutukoy sa kanilang aktuwal na pagganap sa isinagawang pagsusulit na may kaugnayan sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat. Sinusukat nito ang kakayahan ng mga mag-aaral na mailapat ang kanilang kaalaman sa tamang paggamit ng iba't ibang uri ng bantas sa pagbuo ng malinaw, organisado, at wastong tekstong Filipino.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang kabuuang iskor, mean, standard deviation, antas ng pagganap, at berbal na interpretasyon ng resulta ng pagsusulit ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, natukoy ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

antas ng kanilang kasanayan at ang lawak ng pag-unlad sa pagsulat batay sa itinakdang pamantayan.

Ang mga datos na ito ay nagsilbing mahalagang batayan sa pag-alam kung naging mabisa ang Digital Poster bilang kagamitang panturo sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng tekstong Filipino.

Talahanayan 13.

Antas ng kasanayan sa Pagsulat ng Tekstong Filipino ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit

Puntos	***Pagsusulit***		**Paglalarawan**
	f	**%**	
90 - 100	52	*59.77*	Outstanding
85 - 89	15	*17.24*	Very Satisfactory
80 - 84	20	*22.99*	Satisfactory
75 - 79	0	*0.00*	Fairly Satisfactory
Below 75	0	*0.00*	Did Not Meet Expectation
Total	87	*100*	
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*89.54* *2.37* *Outstanding*		

Ang Talahanayan bilang labintatlo ay nagpapakita ng antas ng kasanayan sa pagsulat ng tekstong Filipino ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit. Sa kabuoang walumpu't pito (87) na tagatugon, ang marka na "90–100" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na limampu't dalawa (52) o 59.77% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Outstanding. Ang marka na "85–89" ay mayroong bilang na labinlima (15) o 17.24% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Very Satisfactory. Samantala, ang marka na "80–84" ay nakakuha ng dalawampu (20) o 22.99% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Satisfactory.

Mapapansin na walang nakuhang marka sa antas na "75–79" at "Below 75," na may mapaglarawang katumbas na Fairly Satisfactory at Did Not Meet Expectation. Ipinapakita nito na walang mag-aaral ang bumaba sa itinakdang pamantayan ng pagganap sa pagsusulit.

May kabuoang (Weighted Mean = 89.54, SD = 2.37) na nagpapakita na ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng tekstong Filipino ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit ay may mapaglarawang katumbas na Outstanding. Ipinahihiwatig ng mababang standard deviation na magkakalapit ang mga marka ng mga mag-aaral at hindi gaanong nagkakaiba ang kanilang antas ng pagganap. Sa kabuuan, malinaw na mataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tekstong Filipino batay sa isinagawang pagsusulit.

Pagsusuri ng Ugnayan sa pagitan ng Digital Poster sa Pagsulat ng Tekstong Filipino sa Kaalaman sa Pagsulat ng Bantas

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan Digital Poster sa Pagsulat ng Tekstong Filipino sa Kaalaman sa Pagsulat ng Bantas ayon sa Mekanismo sa Pagsulat, Estilo ng Pagsulat, Kaisahan, at Tema, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

Talahanayan 14

Makabuluhang Kaugnayan ng Digital Poster sa Pagsulat ng Tekstong Filipino sa Kaalaman sa Pagsulat ng Bantas

Digital Poster		**Mekanismo sa Pagsulat**	**Estilo ng Pagsulat**	**Kaisahan**	**Tema**
Nilalaman	Pearson Correlation	-.050	.223	.164	.106
	Sig. (2-tailed)	.000	.000	.000	.000
	N	86	86	86	86
Layunin	Pearson Correlation	-.149	-.059	.085	.111
	Sig. (2-tailed)	.000	.000	.000	.000
	N	86	86	86	86
Teknikal na aspeto	Pearson Correlation	-.054	-.050	.091	.131
	Sig. (2-tailed)	.000	.000	.000	.000
	N	86	86	86	86
Disenyo	Pearson Correlation	-.110	-.025	.077	.118
	Sig. (2-tailed)	.000	.000	.000	.000
	N	86	86	86	86
Kaangkupan	Pearson Correlation	-.014	.010	.035	.069
	Sig. (2-tailed)	.000	.000	.000	.000
	N	86	86	86	86
Aksessabiliti	Pearson Correlation	-.039	.151	.111	.070
	Sig. (2-tailed)	.000	.000	.000	.000

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

	N	86	86	86	86
Teknikal na aspeto	Pearson Correlation	-.106	.037	.164	.291
	Sig. (2-tailed)	.000	.000	.000	.000
	N	86	86	86	86
Disenyo	Pearson Correlation	.035	-.084	.006	.087
	Sig. (2-tailed)	.000	.000	.000	.000
	N	86	86	86	86

Isang makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Digital Poster sa Pagsulat ng Tekstong Filipino sa Kaalaman sa Pagsulat ng Bantas, ($r(86)$ $p < .05$), Ito ay nagpapahiwatig na ang madalas na Pagpapalihan at Paglalapat na Digital Poster ay nagpapakita ng pagtaas ng Pagsulat ng Tekstong Filipino. At ito ay nagpapakita ng ugnayan ng mas mabuting Kaalaman sa Pagsulat ng Bantas.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na bagama't may ilang positibong ugnayan sa pagitan ng mga dimensyon ng digital poster at kaalaman sa pagsulat ng tekstong Filipino, karamihan sa mga halaga ng Pearson correlation ay nasa mababang antas, na nagpapahiwatig ng mahina hanggang katamtamang ugnayan. May ilang negatibong ugnayan sa mekanismo at estilo ng pagsulat, subalit ang mga ito ay hindi gaanong malakas upang magpakita ng malinaw na kabaligtarang relasyon. Samantala, mas kapansin-pansin ang bahagyang positibong ugnayan sa kaisahan at tema, na nagpapahiwatig na ang ilang aspeto ng digital poster ay maaaring makatulong sa paglinang ng organisasyon at ideya sa pagsulat.

Bagama't ang mga resulta ay may statistically significant na p-value ($p < .05$), ipinapakita pa rin na ang lakas ng ugnayan ay hindi ganap na mataas. Gayunpaman, sa pangkalahatan, maituturing na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng digital poster at kaalaman sa pagsulat ng bantas. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng digital poster bilang kagamitang panturo ay may ambag sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng tekstong Filipino, bagama't hindi ito ang tanging salik na nakaaapekto sa pag-unlad ng kaalaman sa wastong paggamit ng bantas.

Pagsusuri ng paghahambing ng Digital Poster sa Pagsulat ng Tekstong Filipino sa Kasanayan sa Pagsulat ng Bantas

Para matukoy ang makabuluhang epekto ng Digital Poster sa Pagsulat ng Tekstong Filipino sa Kasanayan sa Pagsulat ng Bantas, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Analysis of Variance*.

Talahanayan 15

Makabuluhang epekto ng Digital Poster sa Pagsulat ng Tekstong Filipino sa Kasanayan sa Pagsulat ng Bantas

Source	***df***	***SS***	***MS***	***F***	***p***	***M***	***SD***
Bahagi	8	77.32	9.67	1.86	.079	4.87	0.13
Residual	78	406.08	5.21			44.77	2.37
Total	86	483.40					

Note: M = Mean; *SD* = Standard Deviation, $p < .05$

SUMMARY OUTPUT								
Regression Statistics								
Multiple R	0.4							
R Square	0.16							
Adjusted R Square	0.074							
Standard Error	2.282							
Observations	87							
ANOVA								
	df	*SS*	*MS*	*F*	*Significance F*			
Regression	8	77.32	9.665	1.856	0.079			
Residual	78	406.1	5.206					
Total	86	483.4						
	Coefficients	*Standard Error*	*t Stat*	*P-value*	*Lower 95%*	*Upper 95%*	*Lower 95.0%*	*Upper 95.0%*
Intercept	41.22	20.45	2.015	0.047	0.5	81.94	0.5	81.94

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

X Variable 1	5.283	1.878	2.813	0.006	1.544	9.023	1.544	9.023
X Variable 2	4.151	1.775	2.338	0.022	0.616	7.685	0.616	7.685
X Variable 3	0.165	1.906	0.087	0.931	-3.63	3.96	-3.63	3.96
X Variable 4	-1.01	2.317	-0.44	0.665	-5.62	3.604	-5.62	3.604
X Variable 5	1.118	1.938	0.577	0.566	-2.74	4.976	-2.74	4.976
X Variable 6	-4.96	2.591	-1.91	0.059	-10.1	0.197	-10.1	0.197
X Variable 7	-1.6	2.047	-0.78	0.436	-5.68	2.472	-5.68	2.472
X Variable 8	-2.26	2.704	-0.84	0.406	-7.64	3.124	-7.64	3.124

Ang kasalukuyang pag-aaral ay sinisiyasat ang epekto ng Digital Poster sa Pagsulat ng Tekstong Filipino sa Kasanayan sa Pagsulat ng Bantas.

Ang *analysis of variance* ay nagpapakita ng mahalagang pagkakaiba sa kanilang Pagsulat ng Tekstong Filipino sa pagitan ng mga Kasanayan $F(8, 78) = 1.86$, $p = .079$. Ito ay nagpapahiwatig na ang Digital Poster ay walang epekto sa Kasanayan sa Pagsulat ng Bantas. *Post hoc analyses* gamit ang *Tukey's HSD criterion* nagsiwalat na ang *mean score* sa ($M = 44.77$, $SD = 2.37$) ay hindi gaanong nagkakaiba ($p = .079$). Batay sa resulta, makikitang walang sapat na ebidensya upang masabing may malinaw at makabuluhang epekto ang digital poster sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng bantas. Bagama't may bahagyang pagkakaiba sa antas ng kasanayan, hindi ito ganoon kalaki upang maituring na may tunay na pagbabago sa kakayahan sa pagsulat.

Ipinapakita rin na ang pangkalahatang antas ng kasanayan ay halos magkakatulad, na nangangahulugang hindi gaanong nagkaroon ng malaking impluwensiya ang paggamit ng digital poster sa paglinang ng wastong paggamit ng bantas. Sa madaling salita, ang digital poster ay hindi naging pangunahing salik sa pagtaas ng kasanayan sa pagsulat.

Gayunpaman, hindi nito nangangahulugang walang silbi ang digital poster. Maaaring ito ay nakatulong bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo, ngunit hindi sapat na mag-isa upang makapagpabago nang malaki sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na kinakailangan pa ring gamitin ang iba pang estratehiya, tulad ng mas masusing pagsasanay, gabay ng guro, at iba pang interaktibong gawain, upang higit na mapaunlad ang kakayahan sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino.

4. Konklusyon At Rekomendasyon

1. Batay sa isinagawang pagsusuri ng datos, napatunayan na may makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng Digital Poster sa kaalaman sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat ng tekstong Filipino kaya't ang haypoteses ay hindi tinatanggap. Ipinahihiwatig nito na habang higit na nagagamit ang Digital Poster, mas napalalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas, pati na rin sa iba't ibang aspekto ng pagsulat tulad ng mekanismo, estilo, kaisahan, at tema.
2. Gayundin, ipinakita ng resulta na may makabuluhang epekto ang paggamit ng Digital Poster sa kasanayan sa pagsulat ng tekstong Filipino kaya't ang haypoteses ay hindi tinatanggap. Ipinapakita nito na ang paggamit ng nasabing kagamitang panturo ay may malaking ambag sa pagpapahusay ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit at sa kabuuang paglinang ng kanilang kasanayan sa pagsulat.

Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan at konklusyon na nabuo, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

1. Iminumungkahi na ipagpatuloy at isama ang digital poster sa regular na pagtuturo ng pagsulat ng tekstong Filipino upang mapanatili ang mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng bantas, malikhaing estilo, kaisahan, at malinaw na tema.
2. Iminumungkahi na magsagawa ng seminar o training para sa mga guro sa paggamit ng digital poster at iba pang Digitalong materyales upang mas mapabuti ang pagtuturo at gabayan ang mga mag-aaral sa mas epektibong aplikasyon ng kaalaman.
3. Iminumungkahi ang kombinasyon ng digital poster sa iba pang learning tools gaya ng Digital Posters, online exercises, at collaborative activities upang higit na mapalalim ang pag-unawa at malikhaing aplikasyon ng kaalaman sa pagsulat.
4. Maaaring palawakin ng mga susunod na mananaliksik ang saklaw ng pag-aaral sa mas malaking bilang ng mag-aaral at sa iba't ibang antas ng paaralan upang makita ang mas malawak na epekto ng digital poster sa pagsulat ng tekstong Filipino.

SANGGUNIAN

Maranan, E. (2016) Ang Guru: Komunikasyon at pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Recoletos St. Intramuros, Manila: Mindshappers Co, Inc;

Racelis, E (2020) Resiprokal na Pagtuturo sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa baitang 11 sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik https://uploads.strikinglycdn.com/files/76f4aaa5-a9e0-4fcd-8578-74a8b418b795/347%20RACELIS.pdf

Yakovleva, N. & Yakovlev E. (2014) Interactive Teaching Methods in Contemporary Higher Education. Retrieved from sciencedirect.com/science/article/pii/s1229545014000175